
4

# Musika

## Kwarter 2 – Modyul 5: Ang Pagitan ng mga Tono



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Music4_Module 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Musika – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 2 – Modyul 5: Ang Pagitan ng mga Tono**
**Unang Edisyon, 2020**

"Isinasaad ng **Batas Republika 8293**, **sekyon 176** na "Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lina Antonette F. Gabarda

**Editor:** Jerilyn M. Torio

**Tagasuri:** Cynthia T. Montaňez

**Tagaguhit:** Emma N. Malapo

**Tagalapat:** Anthony C. Vista, Serena A. Bardaje

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili
Division ADM Coordinator: Cynthia T. Montaňez

**Inilimbag sa Pilipinas ng ______________________**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telepono: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Musika
## Kwarter 2 – Modyul 4
## Ang Pagitan ng mga Tono

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral so kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral mna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.
Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag- unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Magandang Araw sa iyo!

Mapapansin ninyo na hindi magkakatulad ang pagitan ng note na bumubuo nito kung susuriin ninyo ang mga awit.

May mga note na magkakalayo at mayroon din namang magkalapit ang pagitan. ang pagsukat ng mga pagitan ng tono ay mula sa note hanggang sa kasunod na ito.


Sa modyul na ito, malilinang ang iyong kaalaman sa pag-unawa sa pagitan ng mga tono. Malalaman mo rin kung paano matutukoy ang mga bahagi ng himig na mayroong iba't ibang pagitan.


Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod;

1. Nakakaawit ng may tamang pitch na may pagsaalang-alang sa interval ng notes.

## *Subukin*

A. Tukuyin ang interval ng mga nota na nasa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.





## *Balikan*

Ang bawat awit at tugtugin ay nagtataglay ng pinakamataas na tono at pinakamababang tono. Ito ay binibigyang pansin upang malaman ang lawak ng tono na ginamit sa awitin.

Kopyahin sa iyong papel ang musical staff. Bilugan ang pinakamataas at pinakamababang tono.




## *Tuklasin*


Ang bawat tono ay may kaugnayan sa isa’t-isa. Bawat himig sa musika ay binubuo ng mga note na may iba’t-ibang pagitan o interval.

Ang interval ay ang pagitan ng dalawang *notes*. Ito ay makikilala batay sa kinalalagyan o posisyon ng mga *notes* sa *staff*. Ang mga uri ng *interval* ay ang mga sumusunod:


***Prime*** *(1st)* - ang tawag sa mga *note* na walang pagkakaiba ang agwat.




C C
***do do***





***Second*** *(2nd)* **-** ang tawag sa mga note interval na may agwat o distansiya na dalawa.




C D
***do re***






***Third*** *(3rd)* - ang tawag sa note interval na may agwat na tatlo.



C E
***do mi***





***Fourth*** *(4th)* - ang tawag sa note interval na may agwat na apat.




C F
***do fa***

***Fifth*** *(5th)* - ang tawag sa note interval na may agwat na lima.




C G
***do so***

***Sixth*** *(6th)* - ang tawag sa note interval na may agwat na anim.




C A
***do la***

***Seventh*** *(7th)* - ang tawag sa note interval na may agwat na pito.


C B
***do ti***

***Octave*** *(8th)* - ang tawag sa note interval na may agwat na walo.


C C
***do do***

Gawin mo:


Subukan mong awitin nang may wastong tono ang bawat ipinakitang interval o pagitan. Gumawa ng video recording at ipasa sa guro sa pamamagitan ng messenger.

Isulat sa iyong papel ang napuna o naramdaman mo habang inaawit mo ang mga ito. ______________________________

## *Suriin*

Pakinggan ang awiting "Magmartsa Tayo". Sumabay sa pag-awit mula sa youtube link na: https://www.youtube.com/watch?v=PErwGYIrzbo.

A. Suriin ang *musical score* ng awiting "Magmartsa Tayo"




Tubayan, Perla P., Dazzle, Grade 4, IEMI, 2015

B. Sa tulong ng magulang o kasama sa bahay, gumawa ng video recording ng awiting "Magmartsa Tayo". Bigyang pansin ang interval o pagitan ng note sa maayos na pagkakaawit nito. Ipasa sa guro sa pamamagitan ng messenger.

## *Pagyamanin*


A.


Maaari din nating matukoy ang interval o pagitan sa pababang paayos ng note katulad nitong halimbawa:



3rd interval  6th interval

Tukuyin at isulat sa papel ang interval o pagitan ng mga sumusunod:








(1) __________  (2) ___________  (3) __________

B. Pansinin ang mga pares ng note na may bilog sa ibaba. Isulat sa iyong papel ang interval o pagitan ng mga ito.



C. Isulat sa iyong papel ang interval o pagitan ng mga sumusunod na sofa syllables.

6. fa - ti
7. mi – so
8. fa - la
9. re - ti
10. so - la


## *Isaisip*

Buuin ang mga salita sa bawat patlang upang mabuo ang mga kaisipan. Isulat ang sagot sa iyong papel.


Ang bawat (noot) ________ ay may kaugnayan sa isa't-isa. Bawat (gmihi) ________ sa musika ay binubuo ng mga (teno) ________ na may iba't-ibang (tanpagi) ________ o tinatawag na (tervalin) ____________ .

## *Isagawa*

A. Gumuhit ng G clef staff na may (5) limang measures o sukat. Lagyan ng dalawang nota sa bawat measure. Tukuyin at isulat ang interval ng mga ito sa sagutang papel.



B. Tukuyin ang interval o pagitan ng mga notes sa bawat measure. Isulat sa iyong sagutang papel. Awitin ng may wastong tono ang sofa syllables ng bawat measure. Gumawa ng audio o video recording at ipasa sa guro sa pamamagitan ng messenger.



## *Tayahin*

Panuto: Tukuyin at isulat sa iyong papel ang interval o pagitan ng mga na tinutukoy sa mga bilang sa ilalim ng staff.

Clean-Up Week Song




Source: Tubayan, Perla P., Dazzle, Grade 4, IEMI, 2015

B.

Pag-aralang awitin ang sofa syllables ng “Clean-Up Week Song”. Maaaring humingi ng tulong sa magulang o kasama sa bahay.

Gumawa ng video recording at ipasa sa guro sa pamamagitan ng messenger.

## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng video recording ng awiting Magmartsa Tayo. Ipasa ito sa guro. Maaaring humingi ng tulong sa mga magulang o kasama sa bahay

## *Susi sa Pagwawasto*

Subukin

A. 1, 5th
2. Prime
3. 2nd
4. 6th
5. 3rd
6. 2nd
7. 4th
8. 4th

Balikan

do – pinakamataas    fa - pinakamababa

Tuklasin

Masaya

Suriin

Pagyamanin

A. 1. 4th  2. 2nd  3. Prime

B. 1. 4th  2. 2nd  3. 3rd  4. Prime  5. 4th

C. 6. 4th  7. 3rd  8. 3rd  9. 2nd (pababa) or 6th (pataas)  10. 2nd

Isaisip

tono, himig, note, pagitan, interval

<u>Isagawa</u>

A.

B.

1. Prime
2. 2nd
3. 3rd
4. 4th
5. 5th
6. 6th
7. 7th
8. 8th or Octave

Tayahin  (answers vary)

Karagdagang Gawain

(Gamitin ang rubrics sa pagtsek)

## *Rubrics*

Sukatin ang sarili ayon sa ginawang gawain.

| Pamantayan | Di-gaanong Magaling 1 | Magaling 2 | Napakagaling 3 |
|---|---|---|---|
| 1. Natututkoy ang pagitan ng tono. | | | |
| 2. Nakaaawit nang may wastong tono ang pagitan ng tono | | | |
| 3. Nakasusunod sa tuntunin kung paano ang pag-awit ng pagitan ng tono. | | | |
| 4. Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa musika. | | | |

3 – napakagaling

2 – magaling

1 – di-gaanong magaling

## *Sanggunian*


Copiaco, Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit, Vibal Group Inc.,2016

Kagawaran ng Edukasyon, Patnubay ng Guro, Book Media Press Inc.,2015

Kagawaran ng Edukasyon, Kagamitan ng Mag-aaral, Book Media Press Inc. 2015

Tubayan, Perla P., Dazzle, Grade 4, IEMI, 2015

Valdecantos, Emelita C. Umawit at Gumuhit, St. Mary's Publishing Corp., 1999

google.com/search?q=kinds+of+note+clipart+png&oq=kinds+of+note+clipart

https://www.youtube.com/watch?v=HJhoaTNa-jM

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph